

CHAPTER *One*

The Twentieth Summer

T Kung ang kuwento nila ay parang isang pelikula, makikita ang pagbubukas ng eksena sa tanawin ng isang asul na asul na dagat at puting dalampasigan. Nakatapak sa dalampasigan na iyon ang isang babae na beinte y cuatro ang edad—si Zoey Cabrera. Nakasuot siya ng ribbon sandals at cream lace dress na katamtaman ang hapit sa kanyang katawan. Hawak niya ang pumpon ng calla lilies.

Squarish ang hugis ng mukha ni Zoey habang natural na wavy naman ang hanggang balikat na buhok. Kahit nakasalaman ay nangingibabaw ang ganda ng bilugan niyang mga mata. Ngumiti siya

nang malawak nang titigan siya ng isang lalaki sa di-kalayuan.

Ang lalaki ay walang iba kundi si Hanson Ferrer. Lean at toned ang katawan nito na bakat sa Hawaiian shirt at khaki pants na suot. Katabi nito ang groom sa beach altar. Ang groom ay ang nakatatandang kapatid nito na si Ludwig. Ang bride naman na si Zenith ay ate ni Zoey.

“Who would have thought, huh?” pukaw ng isang boses sa likuran niya nang matapos ang seremonyas. Nasa reception area na sila.

“You are officially my sister’s brother-in-law,” napangiting tugon ni Zoey.

A ‘ting’ sound was heard nang tumabi ang lalaki sa kanya at pinagdaop nila ang kanilang wine glasses. They continued watching the groom and bride as they danced in the middle of the hall.

Who would have thought that I would see you again? naisip ni Zoey at bigla ay parang sumikip ang kanyang dibdib. “Bakit hindi mo kasama si Nadine?” tanong niya na ang tinukoy ay ang kasintahan ni Hanson.

“We broke up,” kaswal nitong sagot.

Tigagal siya. “Ha?”

“What about Luke? Where is he?” taas-kilay na

tukoy rin nito sa boyfriend niya.

Napalunok siya at sinagot ito nang matapat. “Naghiwalay na rin kami.”

Magsasalita pa sana ito ngunit nakita niya sa di-kalayuan ang papa nito, kumakaway at itinuturo ang lalaki kaya inunahan na niya ito. “Uncle Fred is calling you,” sabi niya habang sinisipat ang ibabaw ng balikat nito.

Tumalima si Hanson pero bago siya iwan ay nagbilin: “Hey, Zoey, after the reception, can you sneak out and meet me back on the same spot?”

Bago pa siya makasagot ay tumalikod na ito.

Naiwan siyang nakatulala. Same spot—kung saan nakatapak ang mga paa nila sa buhangin, kung saan nakatitig ang mga mata nila sa isa’t isa noon. Ang lugar kung saan naroon ang haliging naghihiwalay sa properties ng mga Cabrera at Ferrer.

Pakiramdam niya ay napakatagal ng takbo ng oras. Hindi niya alam kung sa pagtatapos ng seremonyas ay pupunta talaga ang lalaki—o kung pupunta ba siya.

Mayamaya pa ay nagka-cut na ng cake ang ate niya at ang groom. Sinundan iyon ng pag-iitsa ng bouquet ng bride, na nasalo ng bading nilang kaibigan. Nagtawanan ang mga naroon. Zoey saw

Zenith's most heartfelt smile tonight.

Pupunta ba siya? Hinanap ulit ng mga mata niya si Hanson. Tumatawa ito sa tabi ng ama nang mahagip ang titig niya.

Come, Zoey, please, tila sinasabi ng mga mata nito. *This might be our last summer together.*

Kung anu-anong dahilan ang sinabi niya bago siya umeskapo. Alam kasi niyang kailangan pa niyang tulungan sa pagliligpit ang kapatid, pero sinabi na ni Zenith na may mga kaibigan naman itong tutulong. Hindi niya alam kung may alam din ito tungkol sa kasunduan nila ni Hanson, ngunit sinabi nitong pumunta siya kung saan siya gustong dalhin ng mga paa niya. Baka raw mas importante iyon.

Halos takbuhin nga niya ang kahabaan ng dalampasigan. Naramdaman niya ang pangambang unti-unting natutunaw sa puso niya.

Gabing-gabi na. Tulad ng dati, it was a summer night in that very same spot, kung saan nakatayo at naghihintay si Hanson.

Her summer best friend.

Hanson opened his arms at tinakbo niya ang pagitan nila. Niyakap siya nito at nagsimula siyang umiyak sa dibdib nito.

“Shh...” Hinaplos nito ang buhok niya. “I still love you and I missed you so much, Zoey,” sabi nito.

I still love you, too. I love you so much, Hanson, she wanted to say but couldn't speak as her heart was full of guilt.



The First Summer

Ang mga Cabrera at mga Ferrer—dalawang pamilyang nagmamay-ari ng dalawang magkatabing vacation houses sa islang iyon.

Bawat summer ay bumibisita ang dalawang pamilya sa kani-kanilang resthouse. The Cabreras' was more traditional and cozy, made of white and warm brown cobblestones and hinged windows with curtains, while the Ferrers' embodied the modern-style house with glass floor-to-ceiling walls accented with minimalistic furniture.

The Cabreras lived in Cebu; doktor ang padre de pamilya at lawyer naman ang ina. Dalawa ang babaeng anak ng mag-asawang Cabrera at iyon ay sina Zenith at Zoey. They were a well-to-do family, but lived much simpler lives than the Ferrers.

The Ferrers, on the other hand, were stationed in Manila; land developer ang ama habang modelo naman ang ina. Dalawang lalaki ang ibinunga ng

mag-asawa at iyon ay sina Ludwig at Hanson.

One fine day, five-year-old Hanson Ferrer had discovered a portal to another world.

Naglalaro sila ng kuya niya sa dalampasigan nang tawagin ito ng ina nila. Hindi na niya maalala kung bakit ito lang ang tinawag, pero naalala niya ang maliit na alimango na waring kumakalabit sa hinlalaki ng paa niya. Dadamputin na sana ni Hanson ang alimango, ngunit tumakbo iyon kaya hinabol niya. Hindi niya namalayan na napalayo na siya dahil aliw na aliw siya sa paghabol hanggang sa matagpuan niya ang sariling kaharap na ang haliging iyon.

A high stone wall, kakabit niyon ang iilang puno ng mangroves at isang dambuhalang bato na animo ay kuweba. Nawala ang atensyon niya sa alimango na malayang nakatakas nang ituon niya ang tingin sa siwang sa pader na iyon.

Namilog ang musmos niyang mga mata dahil nakasilip din sa mismong siwang ang isang pares ng mga mata.



“Sino ka? Nakatira ka ba diyan? May nakatira pala diyan?” untag ng boses na iyon sa apat na taong gulang na si Zoey.

Napamulagat siya at lalo pang napasilip sa butas ng haligi. Tama lang ang biyak sa pader upang makita niya ang mukha at damit ng batang lalaki nang umatras ito nang kaunti. T-shirt na may print ng *Ninja Turtles* ang suot nito.

Kapagdaka ay sumilip din ito sa biyak ng pader saka siya pinanood ng mga mata nito. Sa gulat niya ay isinuksok nito roon ang kamay at braso, dahilan para mahawakan ng bata ang pisngi niyang nakasilip sa siwang. Natumba tuloy siya sa buhangin.

“Diyan ka lang, pupunta ako diyan,” anang batang naging excited bigla. Pero alam ng batang isip ni Zoey na hindi maabot o magagawan ng paraan ng maliliit nitong paa na tawirin ang pagitan nila. “Ano’ng pangalan mo? Nakatira ka ba diyan?” tanong nitong muli.

“Oo.” Zoey mumbled something more, pero tinatawag na siya ng ate niyang si Zenith. “Zoey,” aniya sa cute na boses, sabay turo sa sarili.

Nakita ng batang lalaki ang paglingon niya habang namamaalam ang mga mata. “Ako si Hanson,” sabi nito, sabay alok ng palad sa kanya. Inabot niya iyon at nagdaop ang munti nilang mga palad. “Babalik ka pa ba?” tanong nito.

Tumango si Zoey.

“Promise?” May halong maktol at lungkot ang boses ni Hanson.

“Promise,” muling tango niya.

Samantala...

Sa dining table, hindi ikinuwento ni Hanson sa kuya at mga magulang niya ang nakita. Alam ng batang isip niya na kapag sinabi niya ang tungkol doon, may posibilidad na ipaayos ng papa niya ang biyak sa pader at hindi na niya makitang muli ang batang babae sa kabilang pader kahit na kailanman.

Ayaw niyang mangyari iyon.



The Fifth Summer

Saranggola. Iyon ang umagaw sa atensyon ng siyam na taong gulang na si Hanson mula sa paglalaro ng *Super Mario Land* sa kanyang *Nintendo Game Boy*. Hindi basta-basta ang laruang iyon na binili pa ng kanyang ama sa Amerika. Lulang-lula nga ang mga kaklase niya roon. Mayroon din siyang brick game tulad ng ilan sa classmates niya, pero mas advanced ang effects ng *Game Boy* kaya gustung-gusto iyong hiramín ng best friend niyang si Marfie.

Kung hindi siya nagkakamali, ngayon lang siya nakakita ng saranggola sa katabing dako ng dagat. *Ang ibig bang sabihin ay narito na ulit ang batang*

babaeng iyon? Apat na taon na rin siyang sumisilip sa biyak ng pader na iyon, to no avail.

Nagpaalam siya saglit sa ama at kumaripas na ng takbo hanggang maabot ang eksaktong ‘spot’ na iyon. Nakatago ang parteng iyon sa mga kahoy ng mangroves kaya tiyak niyang hindi siya makikita ni Ludwig sakaling hanapin siya nito.

Sumilip siya at natambad sa kanya ang dalawang batang naghahabulan; mas mataas ang isa at iyong isang maikli ang buhok ay ang mismong bata na nakita niya noon. Nagpapalipad ng saranggola ang isang may-edad na lalaki habang may isang babaeng asawa siguro nito na nakahilata sa picnic mat sa buhangin. Siguro ay mga magulang ng bata ang dalawa.

It was a lovely sight. Sumikip ang pakiramdam niya nang maalala ang kanyang mama. Iniwan kasi sila nito upang sumama sa ibang lalaki.

Isang minuto siyang pumuwesto roon, ngunit ni isang beses ay hindi lumingon ang kinakawayan niya mula sa maliit na biyak ng pader. May naisip siya, pero hindi niya alam kung uubra.



Napansin ni Zenith na kung anu-ano na lang ang dinadala ng tuta nilang si Zelda sa kanila. Isinasama

kasi nila minsan ang alaga sa pamamasyal sa dalampasigan. Limang araw nang kung anu-ano ang kagat-kagat nito pagbalik sa kanila. May lapis, may stuffed toy na maliit, may isang pirasong tsinelas, may supot ng *Nagaraya* cracker nuts, at ngayon naman ay may kagat itong plastic figurine na parrot.

“Saan kaya niya ito nakukuha?” sabi ni Zenith habang hinihimas ang tuta.

“Napaka-weird ni Zelda. Saan kaya iyan namamasyal?” Itinuon ni Zoey ang tingin sa direksyon kung saan alam niyang madalas na pumupunta ang pet nila.

May namumuong hinala sa isip niya, pero hindi siya basta-basta makakawala sa ate niya dahil para itong buntot sa kanya. Ah, basta gagawa siya ng paraan upang sumilip ulit sa biyak sa pader. Sigurado siyang may kinalaman ang batang lalaking iyon sa mga bitbit ni Zelda.

Sa hapon ba? Hindi. Tiyak niyang patutulugin sila ng mama niya. Kapag nagpaalam naman siya, tiyak niyang susundan siya ni Zenith saan man siya pumunta.



Nawawalan na ng pag-asa si Hanson. Bukas ay matatapos na ang bakasyon nila at kahapon pa

niya niyayakag si Ludwig na gumawa ng saranggola. Iyon ang isa sa natitira niyang mga ideya upang maipaabot sa batang babae ang mensahe na naroon siya.

Nais sana niyang kausapin ang papa niya at gumawa ng paraan upang may malaman tungkol sa pamilya sa kabilang resthouse, pero alam niyang okupado ng problema ang ginoo. Marami raw itong inaasikasong papeles. Ang sinabi pa nga nito ay pag-aaralin na raw silang magkapatid sa Amerika.

Pagsapit ng alas diez ng gabi ay natutulog na si Ludwig. Magkatabi lang ang mga kama nila. Ayaw siyang dalawin ng antok kaya naisipan niyang sumilip sa bintana. At may natanaw siyang isang mapusyaw na liwanag na bigla ring naglaho. Parang mula sa isang flashlight iyon. Nabuhayan siya ng pag-asa. Alam niyang may babalikan siya sa parteng iyon ng pader bago pa sila lumuwas bukas.



The Eighth Summer

“Hindi ka ba excited? Next year, grade six na tayo,” sabi kay Zoey ng matalik niyang kaibigan na si Rachel.

Tumunog na ang bell at parang buteteng nagsigalaw ang mga kaklase niya palabas ng

classroom. Huling araw ng klase ng taon. Bukas ay simula na ng summer vacation. Nasa field sila ni Rachel, nakaupo at pinapanood ang nagsisitumbling nilang mga kaklaseng lalaki. Iyong ibang classmates nilang babae ay naglalaro naman ng Chinese garter.

“Ano ba ang meron sa grade six bukod sa elementary pa rin tayo? Mas mabuti si Zenith at high school na siya next year kaya mas malaki na ang baon niya.”

Natawa ang kaibigan niya. “Hanggang ngayon ay baon ang iniisip mo?” anito, sabay sipsip ng *Mik-Mik* milk snack na paborito nito.

“Hindi lang baon,” sagot niya. “Kagabi ay naisip kong paglaki ko ay gusto kong maging milyonarya.”

Mas humagalpak ng tawa si Rachel. Para itong bulldozer kung tumawa. “Sus, Zoey! Madali mo namang maaabot ’yan kasi mayaman kayo. Doktor at abogado ang mga magulang mo.”

“Kung totoong mayaman ang mga magulang namin, eh, di sana nasa private school ako ngayon.”

“Aminin mo nga, may problema ka, ’no?”

“Alam mo, Rachel, ayoko lang talagang ibenta nila ang resthouse namin.”

“Ibenta?” Parang nagulat ito. “Anong ibebenta?”

Tumikhim si Zoey. “Yong resthouse kasi namin sa tabing-dagat, narinig ko silang nag-usap na gusto nilang ibenta. Mabuti na rin daw ’yon kasi hindi kami sigurado kung laging ganito. Hindi naman laging may pasyente si Papa sa clinic niya. Napapansin ko na may problema sina Papa at Mama tungkol sa pera.”

“Eh, pa’no kung ibenta talaga nila ’yon, Zoey? Wala kang magagawa kasi bata pa tayo. Magiging milyonarya ka lang paglaki mo.”

Ganoon talaga sila mag-usap ni Rachel—kung-anu-ano na lang, pero mas mature naman sila kompara sa ibang bata.

Bumalik sa alaala niya ang biyak sa pader na iyon. Tatlong taon na siyang sumisilip doon, pero hindi na niya nakita ang batang lalaki. Nasaan na kaya iyon?

CHAPTER *Two*

“Mama, di ba s’abi mo pag lagpas twelve na ‘ko, puwede na kaming mamasyal ni Zoey sa bayan na kami lang? Kahit one day lang?” pangungulit ng ate ni Zoey habang nasa biyahe sila patungo sa resthouse. Magpipiyesta kasi sa sentro ng bayan na kinaroroonan niyon.

Nagkatinginan silang magkapatid, parehong nakangisi. Gusto nilang makapanood ng mga palaro at sumakay sa rides.

“Kung may kasama kayong matanda, puwede,” sabi ng mama nila. Istriкта ito pero mabait naman. Ang papa nila ay tahimik lang.

“Sasamahan kami ni Ate Loring!” sabay na tukoy nilang magkapatid sa caretaker ng kanilang

resthouse, saka sila nag-high-five.

Saglit lang ang paalam nina Zoey at Zenith. Makulay at maingay ang lugar—at gusto ni Zoey iyon; malayo sa nakasanayan nilang katahimikan sa tabing-dagat. Masarap din ang cotton candy na hawak niya habang nakatanaw sa bola-bolang laro. May hawak siyang pulang sisiw na napanalunan nila kanina sa palabunutan. Simple lang ang mechanics ng laro: magbabayad sila ng piso, pagkatapos ay dudukot si Zenith ng papel sa malaking karton. Suwerte kung sisiw ang nakasulat sa papel at hindi bokya.

“Totoo? Okay lang?” bulong ni Zoey sa ate niya.

“Oo, habang wala pa si Ate Loring,” sagot nito. “Hindi pa ’ko nakakapasok sa haunted tunnel, eh.”

“Sige, basta mag-Ferris wheel tayo mamaya, ha?”

Dinala sila ni Ate Loring sa perya at pinabayaan na sila. Nandoon lang daw ito sa isang sulok para maglaro ng baraha kasama ang ilang kaibigan nito.

“Tara!” excited na yakag ni Zenith. Mahilig kasi itong manood ng horror movies.

Si Zoey naman ay medyo kinakabahan. Idinikit niya sa dibdib ang sisiw na nakakulong sa kanyang palad. Kung hindi niya sasamahan ang kapatid sa haunted tunnel ay baka hindi rin siya nito samahan sa Ferris wheel mamaya.

Kasama ang grupo ng sampu ay pinapasok na sila sa tabing ng kurtina.

Pumikit siya. Iyon na lang siguro ang gagawin niya hanggang sa makaabot sila sa exit ng tunnel. Hinawakan siya ni Zenith sa braso at eksaktong pagtapak nila ay agad niyang narinig ang tilian. Ngunit bago pa man niya muling naipikit ang mga mata ay may nakita na siyang pamilyar na mukha sa tulong ng katiting na sinag ng araw mula sa labas.



Si Marfie ang may pakana ng pagpasok nila sa haunted tunnel na iyon. Napakamot na lang sa ulo si Hanson. Okay lang naman sa kanya kasi hindi siya matatakutin na katulad ni Ludwig na nanatili sa labas ng haunted tunnel, pero ayaw niya ng masyadong maingay o magulo. Pagkapasok pa lang nila ay nagtilian na ang mga tao kasabay niyon ay may malagkit na palad na dumikit sa pisngi niya.

Tumatawa sa gilid niya ang asungot na si Marfie. Kaklase niya ito sa Amerika at gaya ng papa niya ay nagpasya rin ang mga magulang nito na bumalik at manatili na sa Pilipinas, kaya self-proclaimed best friend na niya ang ungas. Kinikiliti ngayon ni Marfie ang isang ‘multo’.

May isang ‘zombie’ na kumapit sa balikat niya na

mabilis niyang naiwaksi. Wala siyang nagawa kundi dumerecho at i-shut down ang sigawan sa tainga niya. Derecho lang siya hanggang sa—

Isang maliit na matinis na pagsiyap ang umakit sa atensyon niya.

Inabot niya ang ulo nang maramdamang may kung anong tila tumutuktok sa bumbunan niya. Hindi man niya maaninag ay alam niyang isang hayop iyon. Dinama niya gamit ang isang palad. It was fluffy and the crow feet scraped a bit in his palm's skin.

“Hala, ang sisiw ko!” sambit ng isang matinis at cute na boses.

Ginagap ng pigura ang palad niya sa dilim.

“Tek—” ani Hanson at hinigit ang palad na iyon. Bago pa man madaklot ulit niyon ang sisiw na hawak niya ay kumaripas na siya ng takbo. Hindi niya alam kung bakit, pero gusto niyang protektahan ang sisiw na nag-landing kanina sa ulo niya.

Maraming humahabol sa kanya—multo, zombie, manananggal, at ang boses ng isang batang babae. Gusto na talaga niyang makalabas sa tunnel na iyon.



Umiiyak si Zoey nang makalabas sa tunnel, madungis at tutop ang dibdib. Nawala ang pulang

sisiw niya!

“Ba’t mo naman iwinala? At ba’t mo siya ipinasok sa horror tunnel?” paninisi ng ate niya.

“Eh, ikaw kaya ang gustong magpasama sa ’kin! Kasalanan mo ’to, Ate!” ingos niya. “Kung hindi ka pumasok sa tunnel na ’yon, hindi maki-kidnap ’yong sisiw!”

“Aba, ikaw naman ang nagwala n’on kasi hindi mo hinawakan nang mabuti, di ba?”

“Ah, basta!” maktol niya. “Kasi pumasok ka pa diyan, nawala tuloy siya. Ewan ko ba kung sino’ng nagnakaw!”

“Sige ka! Hindi na tayo mag-fe-Ferris wheel,” pananakot ni Zenith, sabay lakad nang mabilis.

Sinundan niya ito hanggang sa makarating sa linya ng ticket para sa Ferris wheel. Sa unahan ng linya, naroon ang tatlong batang lalaki, tumatawa ang dalawa at iyong isa naman—

Nanlaki ang mata niya. “A-Ate...” tapik niya kay Zenith. “Yong magnanakaw...”

“Magnanakaw?” ulit nito.

“Ng sisiw natin. ’Ayun, tingnan mo, o!” turo niya sa batang lalaki.

Biglang bumukas ang gate upang papasukin na ang batch ng mga naghihintay na makasakay sa

Ferris wheel.

“Sundan kaya natin sila?” suhestyon ng ate niya habang itinutulak sila ng mga taong nasa likuran nila.

“Paano?”

“Basta sundan mo sila, dali! Para makuha mo ulit ’yong sisiw natin. Sige na!” Itinulak siya ni Zenith.

“Eh, paano ’yon?”

Dahil nasa unahan siya ay umuna siya ng tapak sa platform kung saan maghihintay ang mga sasakay na mapapasok sa cage. Nakatuon lang ang atensyon niya sa batang lalaki at nang makakita nang pagkakataon upang lumusot ay sumingit siya sa mga nauna upang malapitan ang pakay na grupo.

“Hintay!” Hindi niya alam, pero sa pagsunod niya ay nakasama siya ng grupo sa pagpasok. Bago pa siya makaatras ay bigla nang sumara ang metal na harang at ini-lock sila sa Ferris wheel cage.

Napaupo si Zoey at napakapit sa handle nang magsimula nang umahon ang inuupuan. Nakaawang lang ang bibig niya habang nakatulala sa kanya ang tatlong pares ng mga mata.

“Hoy! Sino ka?” tanong ng isa sa tatlo—iyong mataba.

Iyong isa namang patpatin at matangkad na siyang may hawak sa kanyang sisiw ay nanunuot

ang titig sa kanya. “Ba’t ka pumasok?”

“Gusto ko sanang bawiin ang sisiw namin ng ate ko kaya ko kayo sinundan,” mahinahong paliwanag ni Zoey.

Tumawa ang matabang bata. “Siguro crush mo lang ako, ’no! Aminin mo, kasi nakita kitang tumitingin sa ’kin kanina!”

Asungot, she thought, frowning. “Hindi, ’no! Sa ’min talaga ’yan. Please, isauli n’yo na sa amin,” aniyang itinuro ang pulang sisiw.

“Paano naging sa ’yo ’to, eh, wala naman ’tong pangalan?” sagot batang ng may hawak sa sisiw. “At maraming sisiw na ibinebenta dito, bumili ka na lang ng bago kung gusto mo!”

Lumingon sila at tumambad sa kanila ang nakakalulang tanawin ng bayan mula sa itaas ng Ferris wheel. Hagip doon ang buong kahabaan ng dagat, mga puno at bahay-bahay. Saglit tuloy nilang nalimutan ang pagtatalo.

“Nabunot namin ’yan, eh. Sa tunnel kasi kanina, sa pagkagulat ko ay bigla siyang nawala, pero siguro nakuha mo kasi nakita kita sa tunnel, eh. Kaya pakiusap, ibalik mo na siya sa amin!”

“Ayoko nga. Hindi mo pala siya kayang alagaan because you lost him easily, right?” The young boy

gave a sarcastic smirk, saka hinimas ang sisiw para ipakita sa kanya.

“Huwag kang ganyan, Hanson,” sita ng isa na siyang mukhang pinakamatanda sa tatlo. Sinipat siya ng isa at napansing nasira ang mukha niya. “Baka sa kanya talaga ’yan. Iiyak na ’yan, sige ka.”

Hanson. Iyon pala ang pangalan ng magnanakaw.

“If she wants to take this away from us, she’ll have to pay us,” pag-Ingles ng masungit na si Hanson. Pagkatapos ay nagbulungan ang mga unggoy. Nag-high-five ang dalawa at ngumisi sa kanya. “Bibigyan mo kami ng popcorn, soft drinks, at kung meron kang ten pesos... pero kung wala naman, okay na ang five pesos.”

“Mga mandurugas!”

Pagbaba nila sa Ferris wheel ay nagtagpo ang mga landas nilang lima—sina Zoey, Hanson, Marfie, Ludwig, at Zenith. Hindi maipinta ang mukha ng huli habang kinakalkal ang pitaka nito. Nakalinya ang tatlong batang lalaki sa likuran nila, ang lalawak ng mga ngiti habang ngumunguya ng popcorn.

“Zoey, huwag na lang kaya nating kunin ang sisiw?” sabi ni Zenith.

“It’s too late, Ate,” sagot niya. “Binigyan mo na sila ng popcorn... ’tapos ngayon, soft drinks.”

“Wala na kasi kaming pera,” sabi ni Zenith.

“Okay na siguro ’to,” anang kuya ng grupo, ang mabait na si Ludwig.

“It’s not enough. Hey, young girl, you promised ten pesos,” cocky Hanson said, eyeing Zoey.

Nguya lang nang nguya si Marfie.

With a sigh of exasperation ay inilabas ni Zenith ang pera sa pitaka. “Pagagalitan tayo ni Mama.”

Kinuha iyon ni Zoey at bilang pagtatapos ng deal ay iniabot sa masungit na bata. *He really seems so familiar, though*, naisaloob niya.

Dinampot iyon ni Hanson sa palad niya. Pero hindi nila napaghandaan ang ginawa ng tatlong bata—tumakbo ang mga ito!

“Hoy!” sigaw nilang magkapatid. “Mga magnanakaw!”

Pero masyadong mabilis ang mga unggoy at natabunan na ng maraming tao.

Lulugo-lugo silang umuwi kasama si Ate Loring. Hapung-hapo sila, pero sinabihan sila ng mama nila na magbihis at maghanda na para sa hapunan. May mga bisita raw sila. Sa unang pagkakataon, magsasalu-salo raw ang pamilya nila at ang kapitbahay nila.



Maayos na nakapusod ang mga buhok nina Zoey at Zenith, parehong nakasuot ng mga bestida. Naalala ni Zoey ang sulat niya noon para sa bata sa biyak na pader. Sigurado siyang anak iyon ng kapitbahay. Ngayon umusbong ang sobrang excitement sa puso niya.

Ikaw siguro ang naghuhulog ng toys para sa dog namin. Ano'ng name mo? Sorry, kasi nakalimutan ko, pero alam kong ikaw iyan. Puwede mo kaming maging friends if gusto mo ng friends.

Iyon ang isinulat niya noon sa kapirasong papel, saka inilusot at inihulog sa biyak ng pader. Siguro ay malaki na ang batang iyon.

Pumanaog na sila kasama si Ate Loring. Bumungad sa kanila ang isang lalaking halos kaedad ng papa nila at dalawang batang lalaki, na pamilyar na pamilyar sa kanila kaya nanlaki ang mga mata nila ng ate niya.

Ang mga magnanakaw!

“Sweethearts, come here,” tawag sa kanila ng mama nila na mukhang nagtaka kung bakit sila namutla. “Sorry, they must be tired. Pinayagan kasi

namin silang mamasyal kanina.”

“Aren’t they beautiful? I was wishing for a girl, but look—dalawang lalaki,” sabi ng ama yata ng mga batang lalaki, saka tinapik nang sabay ang mga balikat nina Ludwig at Hanson.

“Well, life’s not fair,” napangiting salo ng papa ni Zoey. “Gusto ko rin noong una ng lalaki para naman may magmana sa ’kin, pero mukhang iba ang plano ng nasa Itaas at puro babae ang ibinigay.”

Sa hapag ay masama pa rin ang titigan ng magkabilang kampo. Tila may nagla-landing na mga bomba sa mga mata ng apat na paslit habang tawa nang tawa naman ang mga magulang nila.

Samantala...

“Dapat siguro tayong mag-sorry sa kanila,” suhestyon ni Ludwig kay Hanson pagkatapos ng mahabang dinner. Ngayon ay nasa kuwarto na sila para matulog. “Sabi pa naman ni Papa ay maliligo tayo at magpi-picnic sa kanila bukas.”

Napabuntong-hininga si Hanson, malalim ang iniisip at nakatulala sa kisame hanggang sa hilahin siya ng antok.



“So, puwede na ba tayong maging friends?” tanong ng batang lalaki kay Zoey. Masarap ang ihip

ng hangin mula sa dalampasigan habang busog sa musika at tawanan ang mga magulang nila na naglalaro ng cards sa malaking picnic mat.

Lumitaw ang isang pulang sisiw na nagpalaki sa mga mata niya at pumawi sa busangot sa kanyang mukha. Isinasauli na ng magnanakaw ang sisiw sa kanila!

“Ibabalik mo na ba talaga ’to?” She grabbed the little chick.

“Sa inyo talaga ’yan,” ani Hanson na umupo sa tabi niya. Pinanood nila sina Zenith at Ludwig na nilalaro ang asong si Zelda sa di-kalayuan.

“Nasaan ’yong isang friend mo?” tukoy niya sa kasama ng magkapatid sa perya nang nakaraang hapon.

“Ah, si Marfie? Bumalik na kahapon sa Maynila. Magkikita na lang kami ulit doon.”

Her heart calmed a little. “Puwede na tayong maging friends,” pasya niya.

Bago siya natulog nang nakaraang gabi, naalala niya ang imahe ng batang lalaki, ang biyak sa pader, ang lahat-lahat—at alam niyang katabi na niya ang batang iyon ngayon. Masayang-masaya siya.

“Nagkita na rin tayo,” sabi ni Hanson.

“Oo nga,” nakangiting sagot ni Zoey.

CHAPTER *Three*

The Eleventh Summer

Fifteen-year-old Hanson grabbed the hands of fourteen-year-old Zoey. Mas malaki na ang biyak ng pader ngayon. May malakas na bagyo kasing dumaan doon nang nakaraang taon. Dahil matangkad na sila, kaya na nilang akyatin ang pader na iyon. May rock formation sa dulo ng mga mangroves, doon sila tumutuntong hanggang maabot ang pinakadulo ng pader kung saan sila umuupo at pinagmamasdan ang mga alon sa dagat.

Tuwing summer lang sila nagkikita. Nag-aaral kasi sila sa magkaibang siyudad. Si Hanson ay sa Maynila at sa Cebu naman si Zoey. Paminsan-minsan ay nag-uusap sila sa telepono. Pinapayagan

silang magtelebabad ng mga magulang nila nang dalawa o tatlong beses isang linggo kapag tapos na ang projects o assignments nila.

“Alam mo, maganda dito pag gabi kasi nakikita mo ang stars dito,” ani Hanson. “Ang dami!”

“Oh, talaga?”

“Puwede kang tumakas mamaya.”

“Sige,” excited niyang sagot.

Pagsapit nga ng hatinggabi ay hinay-hinay na pumanaog si Zoey sa kama. Hindi dapat magising si Zenith. Maingat siyang nakalabas ng bahay.

“Psst!”

Kasabay ng malamig na hangin ay narinig niya ang sutsot na iyon sa di-kalayuan. She hugged herself and ran toward the boy in the dark. Umakyat sila sa pader at nang tumingala sa kalangitan ay sobrang dami nga ng mga kumikinang na bituin.

“Totoo bang may fireflies dito?” tanong niya mayamaya.

“May bituin ka na, naghahanap ka pa ng fireflies!” Tumawa si Hanson. “Halika,” anitong hinila siya palapit sa bakawan. “May nakita akong isa kagabi.”

“Tumatambay ka talaga dito nang ganitong oras? Hindi ka ba natatakot? Baka may mumu. ’Yong

white lady—” Naipit ang tili sa lalamunan niya nang biglang humarap sa kanya ang binatilyo suot ang isang puting maskara. Pinaulanan niya ng suntok ang balikat nito habang tumatawa ito.

“Hoy, ingat ka diyan!” anito nang halos mahulog sila sa pagsuntok niya.

Napagdesisyunan nilang umupo muna at nagkuwentuhan.

“Kumusta na si Marfie?” tanong niya.

“Ayun, may malaking bukol sa noo. Natamaan ng bola ng softball. Nandoon kasi kami sa field noong Intrams, nanonood siya sa marathon ko.”

Athletic si Hanson, lagi itong champion sa track and field at iba pang sports. “Ikaw, kumusta na ’yong best friend mong si Rachel?”

“Nakapag-asawa ng Amerikano ang ate niya kaya baka raw next year ay isama siya sa bakasyon sa Hawaii.”

“Wow! Maganda d’on.”

“Talaga?”

“Oo, maganda ang beach. Ikaw ba, kung makakapunta ka sa ibang bansa, saan ka pupunta?”

“Ako?” Her eyes started to twinkle. Nakita niya ang sariling naglalakad sa isang pasilyong puno ng mga pink na bulaklak—cherry blossoms. “Japan!”

“Gusto mong maging si *Pikachu*?” tawa nito.

“Hindi,” ismid niya. “Maganda talaga doon bukod sa animé. Alam mo ’yong *Mount Fuji*? Gandang-ganda ako sa poster. Siguro pag mag-aasawa na ako, gusto ko doon ako dalhin pag magpo-propose!”

“Propose na agad ang iniisip mo? Ang bata mo pa, ah!”

“Hindi, ah!” Nagusot ang mukha niya. “Naisip ko lang. Siyempre, magtatrabaho pa ’ko.”

“At ano’ng gusto mong maging trabaho mo?”

“Gusto ko...” Napahimig siya. “Gusto kong maging milyonarya!”

“Trabaho ba ’yon?” hagikgik ni Hanson.

“Basta! Kasi ang alam ko, kung marami kang pera, mapoprotektahan mo ang mga taong mahal mo. Marami kang mabibigay sa ibang tao, kunwari pag gutom sila.”

“Alam mo, Zoey, kung magsalita ka, para kang matanda. Isa lang ang alam ko para maging milyonarya ka. Iyon ay kung gusto mong maging businessman. Tulad ni Papa,” sabi nito. “He owns a lot of assets and lands.”

Her eyes twinkled. Tama, she really found his father—Uncle Fred—smart. “Eh, ikaw?” tanong

niya sa kaibigan.

Pero bago pa ito sumagot ay alam na niya na anumang piliin nito sa buhay ay magiging matagumpay ito. Malaki ang paghanga niya rito. Hindi lang ito athletic kundi matalino rin.

“At matutupad lahat ng pangarap natin,” pagwawakas ni Hanson sa usapan nila.

“Matutupad,” sang-ayon ni Zoey at nag-handshake sila.



Paano nga ba magmahal? Marahil ay hindi pa nila lubos na alam dahil sadyang mga bata pa sila, pero sa ikalabindalawa nilang summer ay hawak ni Zoey nang mahigpit ang kamay ni Hanson. Nang sulyapan niya ito, may dumadaloy na luha sa magkabilang pisngi nito. Mas hinipitan niya ang pagpisil sa palad nito habang ibinababa ang kabaong ng kaibigan nitong si Marfie. Sabay nilang inihulog ang pulang rosas sa hukay.

Marfie died of drowning. Naligo ito sa dagat kasama ang pamilya nito at hindi na lumutang. Marahil ay pinulikat ito at walang nakapansin agad. Huli na nang masagip ito.

Naalala ni Zoey ang kakulitan ni Marfie. Kahit nayayabangan siya rito ay napakasaya nitong kasama.

Kapag nagtatakbuhan silang tatlo sa dalampasigan noon, si Marfie ang laging nagwiwisik ng tubig sa kanya. Sa palengke naman o parke kapag namamasyal sila, minsan ay tahimik lang si Hanson kaya si Marfie ang kausap niya kahit nauuwi ito palagi sa pang-aasar sa kanya kaya nakukurot niya sa balikat.

Naluha na rin siya nang magsimulang tabunan ng lupa ang kabaong. Sumabay pa ang pagpatak ng ulan.

“I’m guilty, Zoey,” sabi ni Hanson. “Hindi ko nailigtas si Marfie...”

“Hindi mo kasalanan ’yon, Hanson. Wala ka d’on nang mangyari iyon...” Ibinuka niya ang payong at isinukob ang kaibigan.

Tumayo lang sila roon hanggang sa tumila ang ulan.



Natagpuan nila ang mga sariling nasa seawall, tahimik lang na nakatanaw sa dagat. Makulimlim ang langit nang mga sandaling iyon.

“Sa susunod na taon ay kolehiyo na ako. Sabay sana kaming papasok ni Marfie,” sabi ni Hanson.

Ang sobrang kalungkutan nito ay damang-dama ni Zoey at kung kaya lang niyang ibsan iyon ay ginawa na niya.

“Kung pareho lang tayo ng level ay sasabayan kita. Papasok din ako sa school mo. Pero alam kong may iba ka pang friends at alam kong hindi ka nila pababayaan. Nandito lang din ako.”

“Magkikita pa rin ba tayo, Zoey?”

“Oo naman. Gaya ng s’abi ko, nandito lang ako.”

Kahit malamig ang ihip ng hangin ay biglang nag-init ang mga pisngi niya nang gagapin ng binatilyo ang mga palad niya. Iba iyon sa paghawak niya ng kamay nito sa libing. Sa ngayon ay hindi niya alam kung bakit magkadaop ang mga palad nila, pero maganda iyon sa pakiramdam dahil nagdudulot iyon ng sobrang kapanatagan.

“Promise me, Zoey, na dito ka ulit magsa-summer at magkikita ulit tayo,” sabi nito, titig na titig sa kanya.

Tumango siya habang animo kinikiliti ang loob ng kanyang tiyan.



“Hoy!” pukaw ni Rachel kay Zoey habang nakatunganga siya sa bintana ng classroom. Imbes na ngayong taon sa senior high school ay susunod na lang ang kaibigan niya sa ate nito sa Hawaii pagkatapos ng kolehiyo, bagay na lubos niyang ikinasiya. Ilang araw na lang ay graduation na nila.

“Dahil ba ’yan kay Hanson?” usisa nito nang hindi siya kumibo.

“Ilang buwan na kasi siyang hindi nagpaparamdam,” sagot niya. “Ang s’abi pa naman niya sa akin ay magkikita kami ngayong summer.”

“Alam mo naman ang college. ’Tsaka finals pa siguro nila ngayon at maraming projects. Iba na kasi siya sa ’tin. Ikaw best, ha? Nandito naman ako.” Sa gulat niya ay kinurot nito ang mga pisngi niya. “Aminin mo,” sabi nito. “Crush mo na siya, ’no!”

“Huh? Sino?”

“Eh, di si Hanson mo!” ngisi nito.

“Hindi, ah! Naninibago lang ako, dati kasi ay nag-uusap kami sa telepono o minsan ay nagpapaabot siya ng gifts o sulat pag bumibisita si Tito Fred sa amin. Pero may ilang buwan nang hindi ko alam kung ano’ng nangyayari sa kanya,” nag-aalala niyang saad.

“Bayaan mo na. Marami pa tayong dapat gawin, Zoey, tulad na lang ng paghahanda sa entrance exams para sa college.”

Kailangan nga pala nilang magpasama sa Ate Zenith niya bukas. Baka Business Administration ang kukunin niya habang si Rachel naman ay gustong maging isang guro. Ang plano nila ay

doon din mag-enrol sa pinapasukan ng ate niya. Kumukuha ito ng Architecture sa isang magaling na kolehiyo sa siyudad, pero balita niya ay mahirap ang entrance exams doon. Kailangan niya ng tolong pagre-review.



“Are you okay, Ate?” tanong ni Zoey nang mapansin ang pagkabalisa ni Zenith.

Kanina pa may tumutunog sa sling bag nito. Nasa university grounds sila sa kasalukuyan. Sinamahan silang magkaibigan ng ate niya para sa registration ngayong araw. Nagpaalam ito saglit at iniwan sila sa isa sa mga benches malapit sa canteen.

“Alam mo, Zoey, siguro may boyfriend na ang ate mo,” ani Rachel na inabutan siya ng *Sunkist* fruit drink.

“Hindi ko alam,” sagot niya. “Wala naman siyang naikukuwento.” Napasinghap siya nang matanaw ang ate niya na tila may hinahabol sa dulo ng grounds. Sino kaya ang saglit daw na tutunguhin nito?

“Sa ganda niyang ’yan, saka matalino pa.”

Tumango si Zoey bilang pagsang-ayon. Hindi siya minsan nainggit, sa halip ay sobrang proud pa nga siya sa ate niya.

“Sundan kaya natin siya?” siko sa kanya ng

kaibigan.

Halos mapasigaw siya nang pihitin nito ang kanyang galanggalangan. Wala na siyang nagawa kundi sundan ito. Tinahak nila ang pasilyo kung saan nawala at lumiko ang ate niya kanina. Isang department gate pala ang nasa dulo niyon, pero wala si Zenith doon.

“Hindi kaya tayo nawawala, Rachel?” may inis sa tono na tanong ni Zoey. Kung saan-saan na kasi sila lumusot. “Paano kung bumalik na pala sa bench si Ate?”

“Eh, di magtatanong tayo sa guard kung paano makakabalik d’on,” sagot nito.

Hindi niya alam kung bakit, pero parang kinakabahan siya para sa kapatid. Mabilis ang tibok ng puso niya. Hindi naman naglilihim ang ate niya sa kanya, pero ayaw niyang ma-disappoint sakali mang may itinatago talaga ito.

“Z-Zoey...” bulong sa kanya ni Rachel, sabay sundot sa tagiliran niya.

Naging tila estatwa na lang sila nang makita ang biglang pagsulpot ni Zenith sa hallway kung saan sila nakatunganga. May kausap at kasabay ito sa paglalakad—si Ludwig.

“O, nandito ang kapatid mo?” sabi ng lalaki.

“Kuya Ludwig?” ani Zoey sa kapatid ni Hanson. Hindi niya ito nakita last summer dahil busy rin daw katulad ng ate niya.

Come to think of it, parehong Architecture ang kurso ng dalawa.

“Ba’t nandito kayo?” medyo matalim na sita ni Zenith.

“Ah, Ate, naglibot kami kasi ang ganda talaga ng campus,” ani Rachel na nag-peace sign pa.

“Ba’t nandito si Kuya Ludwig?” paghingi ni Zoey ng paliwanag sa kapatid.

“He will be studying here,” tugon lang nito. “We’re taking up the same course.”

“Come, guys. Kain tayo sa canteen,” nakangiting anyaya ni Ludwig.

Parang mga bibeng sinundan nilang magkaibigan ang dalawa.

“Ang guwapo niya, ’no! Bagay sila ng ate mo!” medyo malakas na bulong ni Rachel sa tainga niya. Ngayon lang nito nakita si Ludwig.

Hindi alam ni Zoey kung bakit biglang bumilis ang tibok ng puso niya. *Isinama ba ni Ludwig si Hanson sa pamamasyal dito?* Pero mukhang hindi naman.

Mamaya pa ay nakapuwesto na sila sa canteen.

Umorder ng burger and fries si Ludwig para sa kanila.

“So, magiging classmates na kayo, Kuya Ludwig at Ate Zenith?” parang kinikilig na sabi ni Rachel.

Gusto niya itong tusukin.

“Siguro, kung pareho kami ng subjects at section,” sagot ng ate niya.

Mataimtim lang siyang nag-obsesya sa dalawa. Parang ang weird kasi na hindi man lang nag-share ang Ate Zenith niya tungkol kay Ludwig.

Ikaw rin naman, Zoey, ah. Hindi mo rin ikinukuwento lahat sa ate mo, paalala niya sa sarili. May secrets ka rin. Hindi mo nga sinabi na nag-holding hands kayo ni Hanson sa seawall last summer. Biglang nag-init ang mga pisngi niya sa naisip at bigla ay para siyang nag-alala.

Maraming ipinaliwanag si Ludwig. Pinayagan daw ito ni Uncle Fred na mag-transfer ng university, tutal, maganda at may reputasyon din naman ang pinapasukan ng ate niya. Saka mas tahimik at mas safe ngang mag-aral sa kanila kaysa sa Maynila.

“Kuya Ludwig, okay lang ba si Hanson? Paano siya?” hindi nakatiis na usisa ni Zoey noong papalabas na sila ng campus.

“He’s doing fine, Zoey. Don’t worry.” May dinukot ito sa pantalon nito. Napansin niya na ang

tangkad at ang laki na talaga ni Ludwig. Parang kailan lang ay patpatin ito noong nakikipaglaro pa sa kanila ng ate niya sa dalampasigan. “He knows you’re missing him so much kaya ipinapabigay niya ito.”

Itinapat nito sa mga mata niya ang isang sobre— isang sulat. Ayaw pa sana niya iyong abutin dahil nahagip niya ang nanunuksong tingin ng ate niya at ni Rachel, pero sa huli ay kinuha na rin niya at ipinasok sa sukbit na sling bag.

Nagpaalam na si Ludwig dahil may bibilhin pa raw itong mga gamit sa mall para sa paghahanda sa lilipatan nitong boarding house malapit lang sa campus.

Dahil sa sulat ay nalimutan na ni Zoey ang lahat ng planong pang-uusyoso sa ate niya. Pagkatapos maghapunan ay agad siyang umakyat sa veranda nila upang basahin iyon.

Dear Zoey,

Patawad at hindi kita masyadong nakakausap nitong mga nakaraang buwan. Sobrang busy at marami akong extra-curricular activities. Pero pangako ko sa 'yo, bibisitahin kita sa summer.

Hanson